

Taon XL Blg. 2 Enero 21, 2009 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Kundenahin ang agresyong US-Israeli sa Palestine

ariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas at sambayanang Pilipino ang kriminal na agresyon ng Israel sa Gaza at ang todong pagsuporta rito ng US. Mahigit isang libong Palestino na ang napapatay, libu-libo pa ang nasusugatan at daan libo ang nasasalanta mula nang simulan ng Israel ang walang pakundangang pambobomba at pagsalakay sa Gaza.

Pinakahuli lamang ito sa mahabang listahan ng mga krimen ng Israel at US sa Palestine.

Mahigit kalahating siglo nang duguan ang kamay ng mga ekspansyunistang Zionista at amo nilang imperyalismong US sa kampanyang henosidyo at pagmamalupit laban sa mamamayang Palestino. Paulit-ulit ang mga pananalakay at tuluy-tuloy ang pagsakop at panggigipit nila sa Palestine, ang pagkakait sa mamamayang Palestino ng kanilang kasarinlan at pinakabatayang mga karapatan, at ang pagtrato sa kanila na mga bilanggo sa sarili nilang bayan.

Bawat mapanupil na hakbang ng Israel sa Palestine ay may suportang pulitikal, militar at pinansyal ng imperyalismong US. Sa kabila ng pandaigdigang kundenasyon, ipinagtatanggol ng US ang agresyon at panunupil ng Israel. Hinahadlangan nito ang United Nations at iba pang pandaig-

digang institusyon na kundenahin ang kriminal na pang-aatake at panggigipit ng Israel sa Palestine.

Animo'y walang pagkasaid ang ayudang militar na ibinibigay ng US sa Israel. Mga armas na sinusuplay ng US ang ginagamit ng Israel sa kahindik-hindik na kampanyang henosidyo sa Gaza. Kapalit ito ng pagsisilbi ng Israel bilang katuwang sa pagpapataw ng do-



Mga tampok sa isyung ito...

Magiting na lumalaban ang mga Palestino

PAHINA 4

Ika-50 anibersaryo ng rebolusyon sa Cuba PAHINA 4 Mga katutubong sandata sa digmang bayan PAHINA 6 minasyon at terorismo ng US sa Middle East.

Naisin man ng Israel na magpatulov sa direktang okupasyon at pananalanta sa loob ng Gaza, naobliga na ito ngayong magdeklara ng tigil-putukan at umatras na sa hangganan. Di nila kakayaning manatili pa nang matagal sa loob ng Gaza, kundi'y hindi sila tatantanan ng maigting na pakikidigmang gerilya ng mga naghihimagsik na Palestino at lalo pang paglakas ng pandaigdigang pagkundena. Gayunman, magpapatuloy pa rin ang mga pwersang Israeli sa pagkubkob at walang tigil na paglulunsad ng mababangis na atake mula sa labas at sa pana-panahong mabilisang paglusob sa Gaza at iba pang bahagi ng Palestine.

Lubos na makatarungan ang armadong pakikibakang isinusulong ng mamamayang Palestino para ipagtanggol ang kanilang teritoryo at karapatang magpasya sa sarili laban sa pananakop, pasismo at henosidyo ng Israel. Makailang ulit nang nagkamit ng mga tagumpay ang mamamayang Palestino sa pamamagitan ng armadong pagtatanggol, kaalinsabay ang pandaigdigang diplomasya at negosasyon,



gawaing pampulitika at pagkilos ng mamamayan. Kailangan pa nilang makamit ang lubusang tagumpay sa kanilang pakikibaka para sa kasarinlan, katarungan at kapayapaan.

Mahigpit na nakikiisa ang Partido at ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas sa pakikibaka ng mamamayang Palestino para sa pambansang kasarinlan at sa kanilang pagtatanggol sa harap ng pananalanta ng Zionistang Israel at imperyalismong US.

Tulad ng mga Palestino, ang mamamayang Pilipino ay lumalaban para sa pambansa at panlipunang paglaya. Kung kinakaharap ng mamamayang Palestino ang pinakakanang-kamay ng imperyalismong US sa Middle East, nilalabanan naman ng mamamayang Pilipino ang pangunahing papet ng imperyalismong US sa Southeast Asia.

Isang malawakang pandaigdigang kampanya ang dapat ilunsad upang ilantad at kundenahin ang aroganteng sabwatan ng US at Israel laban sa Palestine, at pigilan ang paggamit ng Israel sa superyor na lakas-militar nito para paluhurin ang mamamayang Palestino.

Nananawagan din ang mga rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas sa mamamayang Israeli na kumilos kaisa ng mamamayang Palestino at iba pang mamamayan sa daigdig. Ang kanilang pagkilos ang mapagpasya para mabigyang-wakas ang patakarang Zionista ng qubyernong Israeli at mabigyang-daan ang pagkakamit ng mga Palestino ng ganap na kasarinlan at saligang mga karapatan. Sa pamamagitan lamang nito mapaiiral ang mapayapang pamumuhay, galangan at pagkakaisa ng mamamayang Israeli at Palestino.

ANG Bayan

Taon XL Blg. 2 Enero 21, 2009

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal Kundenahin ang agresyon sa Palestine	1
Sa ibayong dagat Kriminal na agresyon sa Gaza Magiting na lumalaban ang mga Palestino Ika-50 anibersaryo ng rebolusyon sa Cuba	
Atrasadong kundisyon sa Eastern Visayas Mga taktikal na opensiba sa Samar Mga katutubong sandata sa digmang bayan Komersyal na sagingan sa Mindanao SWS: 52% ng mga Pilipino mahirap Pangangamkam ng lupa sa Aurora Protesta laban sa ASEZA	5 6 7 8 9
Pananalanta ng pasistang estado Iligal na pag-aresto, pagdukot	10
Balita	11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Kriminal na agresyon sa Gaza

ahigit 1,300 nang Palestino ang napapatay, 5,600 ang nasusugatan at daanlibo ang nawalan ng tirahan sa pinakahuling kriminal na agresyon ng Israel sa Gaza Strip, Palestine, na nagsimula noong Disyembre 27.

Sa gitna ng laganap at mariing internasyunal na kundenasyon mula pa noong unang mga araw ng pagsalakay, walang habas na pinatindi ng mga Zionistang Israeli ang kanilang kampanyang militar sa Gaza. Nakakaisang linggo pa lamang ang atake, umabot na sa mahigit 2,300 air strike ang isinagawa ng Israel sa Gaza. Walang awat ang panganganyon at pagpapaulan nila ng bomba at bala. Wala silang pili sa mga target: mga gusaling pampamahalaan, mga bahay, eskwelahan, pamilihan, mga tunnel at iba

pang daluyan ng kalakal, mga moske at mga ospi-

tal.

Binomba
maging ang
mga sentro ng
ebakwasyon at
komboy para sa
makataong
ayuda ng United
Nations Relief
and Works Agency (UNRWA) at

isang tanggapan ng UN. Karamihan sa mga nabiktima sa pang-aata-keng ito ay mga bata, babae at matatanda. Sunog ang tone-tonela-dang pagkain, gamot, kumot at iba pang suplay ng UNRWA na para sana sa mga biktima ng mga atake.

Para matiyak ang malawakang pagkasunog at pagkawasak ng buubuong mga komunidad, gumagamit ang mga tropang Israeli ng mga bombang white phosphorus (kemikal na panunog) na ipinagbabawal gamitin sa mga lugar na may mga sibilyan.

Samantala, patuloy na lumala-

wak ang kundenasyon ng mga mamamayan sa buong mundo sa agresyon ng Israel. Mula katapusan ng Disyembre, daan-daang libo na ang naglunsad ng mga protesta para ipanawagan ang kagyat na pagkilos ng kani-kanilang mga gubyerno laban sa Israel. Nitong Enero, arawaraw ang paglulunsad ng mamamayan sa iba't ibang panig ng mundo ng mga protesta. Pinakamalalawak ang mga pagkilos sa mga bansa sa Middle East at sa Europe. Umabot sa isang milyon ang nagprotesta sa Syria noong Enero 7 at United

Dalawampung libo naman ang nagrali sa Algeria noong Enero 9, 15,000 sa Qatar noong Enero 10 at ilang libo pa sa iba't ibang syudad ng The Netherlands, Greece, Turkey at Kenya. Nagkaroon din ng mga demonstrasyon sa mga syudad sa US, Malaysia at sa Pilipi-

Kingdom noong Enero 10.

Noong Enero 8, sa kabila ng pagharang ng US, natuloy na rin ang pagpapasa ng UN Security Council ng resolusyon para manawagan ng kagyat na tigil-putukan sa Gaza. Naghain din ng resolusyon ang UN Human Rights Council para pagbotohan ng UN General Assembly ang paglabag ng Israel sa internasyunal na makataong batas bunsod ng mga kriminal na aksyon at agresyon nito sa Gaza. Kabilang dito ang pambobomba at pagpatay ng mga sibilyan sa hedkwarters ng

nas.

UN sa Gaza noong Enero 15 at sa pagkamatay ng dalawang istap ng UNRWA at pagkasugat ng isa pa noong Enero 8 nang paputukan ng mga pwersang Israeli ang isang komboy ng UNRWA na naghahatid ng makataong ayuda sa mga nasalantang sibilyan sa Gaza. Bagamat ang mga ito ay itinatanggi ng Israel, may sapat na ebidensya na sinadya ang pambobomba.

Malawakan ang pandaigdigang panawagan para sa tigil-putukan sa pagitan ng Israel at Hamas. Ilang beses nang ipinahayag ng mga upisyal ng Hamas ang kanilang kahandaan para sa kagyat na tigil-putukan, kapalit ng pag-atras ng mga tropa ng Israel sa Gaza.

Nito na lamang Enero 17 nagdeklara ang Israel ng unilateral na tigil-putukan. Nakamit na umano nito ang layunin sa pag-atake sa Gaza. Maramihang napinsalaan at lubhang napilay na umano nito ang Hamas at nawasak na umano ang mga armas nito.

Ang totoo, napwersa ang Israel na maqdeklara ng tigil-putukan dahil lubha na itong nahihiwalay sa pandaigdigang opinyong publiko, at batid nito na tiyak na haharapin nito ang mas tumindi ngayong galit ng mamamayang Palestino at ang pinag-ibayong atake ng mga armadong patriyotikong grupo sa Palestine kapag pinatagal pa nito ang mga tropang Israeli sa Gaza. Biniqyan lamang ng Hamas ng isang linggo para umalis ang mga pwersang Israel, bago simulan uli ng mga mandirigmang Palestino ang mga pagbira sa mga mapanakop na pwersa sa loob ng Gaza.

Taliwas sa pinagsasasabi ng Israel sa publiko, ang totoo ay nananatiling buo at lalo pang lumakas ang Hamas. Hindi ito nagapi. Bagkus ay lalo pa itong lumakas kasabay ng pagtindi ng mapanlabang diwa ng mamamayang Palestino.



Magiting na lumalaban ang mga Palestino

Pinakalayunin ng Israel sa pambobomba at pagsalakay sa Gaza ang lubusang paglupig sa Hamas, isang militanteng kilusan ng mamamayang Palestino na nagsusulong ng armadong pakikibaka at nahalal noong eleksyong pamparlamento ng 2006. Ang Hamas ngayon ang namumuno sa gubyerno ng Palestine. Ang Hamas ang pangunahing hadlang ngayon sa layunin ng Israel na gapiin at paluhurin ang mamamayang Palestino at palayasin sila sa Gaza.

Malaking kabulastugan ang sinasabi ng Israel na gumaganti lamang sila sa pagpapalipad ng Hamas ng mga rocket. Pinagbintangan nito ang Hamas ng paglabag sa kasunduan para sa anim na buwang tigil-putukan na pinirmahan noong Hulyo 2008. Ngunit limitadong ganting-aksyon lamang ito ng Hamas sa mas naunang mga paglabag ng Israel sa kasunduan.

Noong Nobyembre 4, inatake at pinaslang ng Israel ang isang yunit ng Hamas na nagpapatrulya sa Gaza. Sa aktwal, ang Israel ang tuluy-tuloy na lumabag sa kasunduan. Taliwas sa napagkasunduan, hindi nito inalis ang mahigpit na blokeyong pang-ekonomya sa mga hangganan ng Gaza, na dahilan ng matinding kakulangan maging ng pagkain at gamot para sa mamamayan dito.

Matagal nang nangangati ang Israel na salakayin ang Gaza sa harap ng paglakas ng armadong pwersa ng Hamas. Lubhang pinangangambahan ng Israel ang nakuha nilang impormasyon na ang mga armadong pwersa ng Hamas na nakahimpil sa Gaza ay lumaki nang mahigit 50% nito lamang huling taon. Nadagdagan din daw ng maraming malalakas na armas ang arsenal nito, kabilang ang mga rocket launcher, at may kakayahan na umano itong maglunsad ng mga sopistikadong atake.

Layunin ng pagpasok ng mga tropa ng Israel sa Gaza ang pilayin kundiman tuluyan nang durugin ang lumalakas na pwersa ng Hamas, wasakin ang mga armori nito, pigilin ang patuloy na pagpasok ng armas nito, at pahinain ang kabuuang ekonomya at diwa ng suportang masa ng Hamas at ang kabuuang paglaban ng mamamayang Palestino.

Pero sa harap ng ibayong

pagtindi ng pag-atake at pagmamalupit ng Israel sa mamamayan ng Gaza, lalo pang lumakas ang mga patriyotikong armadong pwersa ng Palestine. Pinakamatinding paglaban at mga pinsala ang sumalubong sa mga pwersang Israeli sa kaloob-looban ng matataong ko-

munidad ng Gaza. Sa mga labanan sa Gaza, naipakita ng mamamayang Palestino ang lalong lumakas na determinasyon nilang lumaban at durugin ang mga mapanakop na pwersang Zionista sa pamamagitan ng

ta sa pamamagitan ng malawakan at matinding pakikidigmang gerilya.

nıya.

Ika-50 anibersaryo ng rebolusyon sa Cuba, ipinagdiriwang

Sinimulang gunitain sa Cuba noong Enero 1 ang ika-50 taon ng paglaya ng bansa sa diktadura ni Fulgencio Batista. Pinamunuan ang pagdiriwang ni President Raul Castro, 77, ang humalili sa nagretirong si Fidel Castro.

Nagtagal ang pagdiriwang hanggang Enero 8 kung saan muling binuhay ang pagpasok ng Rebolusyonaryong Hukbo mula sa Santiago de Cuba tungong Havana, ang kabisera ng Cuba.

Ang Santiago de Cuba, isang bayan sa timog-silangang Cuba, ang itinuturing na pinagsimulan ng tagumpay ng rebolusyong Cubano.

Matapos malampasan ang walang humpay na panggigipit ng sampung pangulo ng US at mga bigong pananalakay ng mga traydor na bayarang Cubano (na pinasimunuan ng US Central Intelligence Agency), ang Cuba ay isa na ngayon sa mga bansang matagal nang malaya sa mga dikta ng imperyalista. Bunsod ng pagkumpiska nito sa mga empresa ng mga dayuhang kapitalista, idineklara noong 1962 ni Pres. John Kennedy ng US ang isang economic embargo laban sa Cuba na nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan. Gayunpaman, hindi nasiraan ng loob ang 11 milyong Cubano. Sumasalig sila sa rebolusyon anumang hirap ang kanilang danasin. Sa ngayon ay kinikilala ang mga pagsulong na natamo ng kanilang bansa sa larangan ng edukasyon, kultura at syensya na maihahambing o higit pa sa antas na inabot ng pinakamauunlad na bansa.


Atrasadong kundisyon sa Eastern Visayas

Ang artikulong ito ay halaw sa pahayag ng Komiteng Rehiyon ng PKP sa Eastern Visayas noong Disyembre 26, 2008.

Isa ang Eastern Visayas sa pinakamahihirap na rehiyon sa Pilipinas. Sa mahigit tatlong milyong magsasakang naninirahan doon, dalawang milyon ang manggagawang bukid, maralita at mababang panggitnang magsasaka na karaniwang kumikita ng mas mababa sa P50 bawat araw dahil sa kawalan o kakulangan ng lupang mabubungkal.

Patuloy silang dumaranas ng iba't ibang tipo ng pagsasamantala gaya ng mataas na upa sa lupa at usura, mababang sahod sa trabahong bukid, mataas na upa sa hayop na pansaka, mataas na presyo ng abono, pestisidyo at binhi, mababang presyo ng kanilang mga produkto, mataas na presyo ng mga bilihin at mapagsamantalang mga transaksyon.

Kalakhan ng mga agrikultural na lupain sa rehiyon ay inilalaan sa mga pang-eksport na komersyal na pananim. Sangkapat na bahagi lamang ng lupain sa rehiyon ang tinatamnan ng palay at iba pang tanim na pagkain. Atrasado na'y lalo pang sumasahol ang pamamaraan ng paglilinang ng lupa. Bumaba ang porsyento ng palayang may irigasyon mula 35% noong dekada



1990 tungong 17% ngayon. Hindi halos gumagamit ng makinarya o mga hayop sa pagsasaka. Paliit nang paliit ang pagkakahati ng mga parsela ng lupa. Kulang na kulang ang produksyong agrikultural sa rehiyon para pakainin ang 4.2 milyong populasyon nito. Sa kabilang banda, lumaki nang siyam na ulit ang importasyon ng bigas nitong nakaraang dekada, mula 250,000 kaban noong 1995 tungong mahigit 2,000,000 kaban noong 2008.

Walang makabuluhang industriya sa rehiyon. Kahit tumaas ang bilang ng mga empresa sa rehiyon mula 10,000 noong 1980 tungong 20,000 sa kasalukuyan, 17% lamang nito ang nasa kategoryang manupaktura (bagamat sa katunayan ay bahaqyang pagpoprosesong malamanupaktura lamang). Ang 98% ng mga ito ay nag-eempleyo ng hindi hihigit sa 10 manggagawa. Iilan lamang ang nag-eempleyo ng mahigit 200 manggagawa. Hawak ng dalawa rito, ang Philphos at PASAR, ang 91% ng eksport ng buong rehiyon. Ngunit noong nakaraang mga taon, nagbawas ito ng produksyon dahil sa pagbaba ng mga order mula sa ibang bansa.

Umaabot sa 34.2% ang wala o kulang ang trabaho sa rehiyon (Abril 2008). Dahil sa kakulangan ng oportunidad sa empleyo, umaabot sa 10% ang tantos ng pagli-

Mga taktikal na opensiba sa Samar

N agpakita ng kasigasigan ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa prubinsya ng Samar sa inilunsad nitong mga taktikal na opensiba mula Oktubre hanggang Disyembre 2008. Sumusunod ang ilan sa hindi pa naiuulat sa *Ang Bayan*:

Disyembre 19. Inisnayp ng mga Pulang mandirigma ng Arnulfo Ortiz Command ang mga elemento ng 62nd IB sa Barangay Sto. Niño, Motiong, Samar. Alas-11 ng umaga nang targetin ng mga Pulang mandirigma ang isang platun ng reaksyunaryong militar na nag-ooperasyon sa nasabing lugar. Napatay ang isang sundalo. Sa takot ng mga sundalo ay ginawa nilang pananggalang ang mga taumbaryo at pilit pinadala sa kanila ang bangkay ng sundalo.

Disyembre 3. Hinaras ng Arnulfo Ortiz Command ang 62nd IB sa Sityo Fernandez, Barangay Cataydungan, San Jose de Buan. Nabulabog ng isnayping ang operasyon ng kaaway.

Nobyembre 27. Inisnayp ng mga Pulang gerilya ng Serafin Pacimos Command ang 14th IB sa Barangay Nawi, Paranas. Sa sobrang takot, agad bumalik sa kanilang kampo ang mga sundalo.

Nobyembre 13. Hinaras ng mga elemento ng Serafin Pacimos Command ang isang platun ng 14th IB sa Sityo San Pedro, Purok 2, San Jose de Buan. Pagkatapos ng 40 minutong pag-aaksaya ng mga bala, laking kahihiyang umatras ang mga sundalo.


Oktubre 29. Napatay ang dalawang sundalo at nasugatan ang dalawang iba pa sa harasment na isinagawa bandang alas-9 ng umaga ng Jorge Bolito Command sa 18 tropa ni Capt. Elmer Albor sa Sityo Rizal, Barangay Bulao, Basey. Sa kabilang banda, isang Pulang mandirigma ang namartir sa labanan.

kas mula sa rehiyon.

Kalunus-lunos din ang kundisyon ng mga mangingisda, manggagawa, mala-manggagawa, maralitang tagalunsod at mga ordinaryong kawani. Kulang na kulang ang nakatakdang ₱238 minimum na arawang sahod sa di-agrikultural na sektor sa rehiyon, na hindi naman natatanggap ng karamihan. Sa rehiyon, tinatayang kailangan ng ₱450 bawat araw upang mabuhay nang disente ang isang anim-kataong pamilya.

Patuloy na bumababa ang kalidad ng serbisyong panlipunan. Sa mahigit 700,000 pamilya sa rehiyon, 560,000 ang walang suplay ng malinis na tubig, 350,000 ang walang kuryente at 350,000 ang walang sariling tirahan. Wala pang 7,000 pamilya ang may palikuran. Mahigit 99% ang gumagamit ng kahov, uling o gaas bilang panggatong. Mayroon lamang 50 pampublikong ospital sa rehiyon. May isang kama sa ospital sa bawat 1,500 katao (50% mas mababa sa pamantavan ng World Health Organization [WHO] na isang kama kada 1,000 katao) at isang doktor para sa bawat 10,000 katao (10% lamang ng pamantayan ng WHO na isang doktor kada 1,000 katao). Kulang na kulang ang mga guro, paaralan at mga klasrum. Laganap ang kawalan ng kakayanang magbasa at magsulat.

Higit kailanman, ang kalunuslunos na pang-ekonomya at pampulitikang mga kundisyon sa rehiyon ay napakainam sa paglulunsad ng rebolusyon. Umaasa ang PKP-Eastern Visayas na magagapi nito ang Oplan Bantay Laya 2 at iba pang kontra-rebolusyonaryong pakana ng reaksyunaryong estado. Ayon sa PKP-Eastern Visayas, "Natitiyak naming mula ngayon ay mas magiging hasa at matatag ang Partido, at maisusulong ang rebolusyonaryong pakikibaka sa bago at mas mataas na antas."



Mga katutubong sandata, mabisang ginagamit sa digmang bayan sa Mindanao

ng paggamit ng mga katutubong sandata kakumbinasyon ng mga modernong armas ay isa sa mga tampok na katangian ng pagsusulong ng digmang bayan. Sa ganitong paraan, nakapagdudulot ang armadong rebolusyonaryong kilusan ng maksimum na pinsala sa kaaway sa pamamagitan ng pagmaksimisa sa mayamang kaalaman ng masa, limitadong rekurso at malikhaing paggamit ng materyales na madaling matagpuan.

Ganito ang ipinakita ng mga Pulang mandirigma ng Front 6 sa North Central Mindanao Region (NCMR) nang lipulin nila ang isang kolum ng mga pasistang sundalo noong Mayo 30, 2008 gamit ang mga awtomatikong riple, pasabog at mga suyak (matutulis na kahoy o kawayang nakaumang sa daraanan o susulingan ng target).

Ang mga sundalo ay bahagi ng mahigit 200 pwersa ng 29th IB na dumumog sa isang kulumpon ng mga baryo sa San Fernando, Bukidnon. Nanggaling sila sa bayan ng Pangantucan na dalawang linggo nilang inoperasyon. Pagkatapos masusing pag-aralan ang mga kilos ng reaksyunaryong tropa, tinukoy ng kumand ang isang umaabanteng kolum na siyang tatambangan.

Inihanda nito ang isang platun na siyang pupwesto sa dadaa-

nan ng kaaway. Dalawang kolum ng kaaway ang tantyang daraan sa Kilometro 5, isa mula sa silangan at isa sa kanluran. Alinman sa dalawang kolum ang maunang dumating ay kanilang aambusin.

Naghanda sila ng mahigit 3,000 suyak at itinanim sa tinatayang tatakbuhan o luluksuhan ng kaaway oras na sila'y paputukan ng mga Pulang mandirigma. Para ikamoplahe, tinakpan nila ng mga saha ng abaka ang mga suyak.

Estratehikong ipinwesto ang iba't ibang iskwad sa harap, gitna at likurang bahagi ng dadaanang ruta. Pumwesto ang Iskwad Tres bilang pwersang pam-pindown sa tuktok na posibleng ookupahin ng kaaway kapag maputukan ito ng Iskwad Dos na nakatrinsera. Kasabay nito, ang Iskwad Uno ay pupusisyon sa gilid ng kalsadang bangin ang kabila (100 pye ang tantyang lalim nito).

Parang pumaloob sa plano ng kumand ang naging kilos ng kaaway dahil ang unang dumating ay ang mga sundalo mula sa Barangay Igluqsad. Nasa silangang bahagi ito at pabor sa inihandang mga eksplosibo, suyak at sa nakapwestong mga kasama.

Nag-atubili muna ang kaaway bago ito dumaan dahil hawan na hawan ang lugar. Ngunit nang sabihin ng isang sundalo na malinis ang lugar dahil hiblahan ito ng abaka ay napawi ang kanilang pag-aalangan at nagpatuloy sila sa paglalakad. Muli silang huminto pagdating ng bahaging likuan dahil plano nilang may paahunin muna para magmasid sa bandang tuktok na siya namang pinupwestuhan ng Iskwad Dos.

Hindi na naq-aksaya ng panahon ang mga Pulang mandirigma. Agad nilang pinaputukan at pinasabugan ang kaaway. Nagkandarapa sa pagkober ang nagulantang na mga pasistang militar. Nagsitalunan ang iba sa bangin kung saan nakalatag ang matatalas na suyak na kawayan.

Inabot ng dalawang oras ang palitan ng putok at halos nalipol ang lahat ng kaaway. Nagpadala ng panaklolong pwersa ang kaaway subalit sa sobrang takot ng mga ito ay dumaan sila sa ibang lugar at dumiretso na lamang sa ibang barangay.

Sa 16 na sundalo ng kaaway, 15 rito and nalipol. Labindalawa ang napatay sa labanan, tatlo ang malubhang nasugatan at iisa ang nakatakbo dahil nasa hulihan siya ng kolum.

Nasamsam sa mga sundalo ang dalawang M203 grenade launcher, isang M16, isang M14, 560 bala ng M60, 200 bala ng M16, mga cellphone, radvong pangkomunikasyon at iba pang gamit militar. Hindi na natagpuan ang iba pang armas dahil madilim na ang paliqid.

Sinisira ng mga komersyal na sagingan ang Mindanao

Titong nagdaang sampung taon, agresibong pinalalawak sa Mindanao ang mga plantasyon ng saging na pang-eksport. Kaakibat nito, dumarami ang kaso ng pangangamkam ng lupa. Kumikitid rin ang lupaing nakatutok sa produksyon ng pagkain para sa konsumo ng mamamayan, maging ng mismong mga magsasaka. Sa halos lubusan nang pagtutuon na ng agrikultura at ekonomya ng Mindanao sa eksport, lalong naglalaho ang batayan nito na makasustine-sa-sarili at magkamit ng tunay na kaunlaran.


Hanggang sa huling bahagi ng dekada 1980, konsentrado lamang sa Davao del Norte ang mahigit 30 sagingan sa isla. Subalit mula noong 1988 ay lumawak na ang saklaw ng mga plantasyon ng saging hanggang Davao City, Davao del Sur, Compostela Valley, Agusan del Sur, Bukidnon at mga prubinsya ng Cotabato at Maguindanao.

Pumapangalawa na ang bansa sa buong mundo sa pag-eeksport ng sariwang saging. Ito na ang nangungunang suplayer ng saging sa Japan. Ang Pilipinas ang nagsusuplay ng 16% ng saging sa buong mundo, panga-

Noong 2007, nag-eksport ang Pilipinas ng 1.905 milyong metriko tonelada ng saging na nagkakahalaga \$440 milyon o ₱18.1 bilyon (sa palitang \$1= **P**41.14).

Maraming mga lupaing tinatamnan noon ng niyog, kape, gulay, mais at palay ang ibinaling na sa pagtatanim ng saging. Isa sa pinakamatitingkad na halimbawa ang pagkawala ng malawak na taniman ng palay at mais sa kapatagan ng Cotabato. Ang dating tinataguriang food basket ng Mindanao ay siya nang kinalalagyan ng malalaking plantasyon ng Dole-Stanfilco, Global Fruits ng Lapanday at AJMR-Sumifru.

Ang Digos, Davao del Sur na tinagurian noong "tahanan ng gulay at kape" ay tahanan na ng malalaking kumpanya at plantasyon ng highland banana, mga saging na itinatanim sa mga bundok. Pati ang Mt. Apo, ang pinakamataas na



ng highland banana. Unti-unti nang nahahawan ang kagubatan sa mga katabi nitong bundok dahil dito. Kung dati'y madalas na tanawin ang paglipad rito ng Philippine Eagle, ngayon ay mga eroplanong nagsasagawa ng aerial spraying ng pestisidyo sa mga sagingan ang natatanaw linggo-linggo.

Bunga ng reklamo ng mamamayan sa mga apektadong lugar sa mga mapaminsalang gawain ng mga korporasyon ng saging, nagpahayag na rin ng pagkabahala ang ilang lokal na gubyerno. Noong Nobyembre 2008, halimbawa, naghain ng pormal na reklamo ang lokal na pamahalaan ng Magpet, North Cotabato laban sa AJMR, kumpanyang pag-aari ng mga Soriano na kasosyo ng Sumifru dahil sa pag-awas ng nakalalasong kemikal mula sa packing plant nito tungo sa mga sapa ng Barangay Datu Celo at Barangay Basak sa nasabing bayan. Bago ito, noong Hulyo 2007 ay nagbuo rin ang lokal na gubyerno ng Kidapawan ng tim ng mga eksperto para imbestigahan ang pagtatapon sa mga sapa ng mga di nagamit na kemikal.

Bukod sa pinsalang dulot ng pagkakalason ng mga sapa, naging bulnerable na rin sa biglaang pagbaha at pagguho ng lupa ang mga luqar na kinalalaqyan ng mga sagingan dahil sa kaakibat nitong malawakang pagkawasak ng kagubatan. Noong Pebrero 2006 pa lamang ay tinukoy na ng Department of Environment and Natural Resources ang Makilala, North Cotabato bilang isa sa mga lugar na may malaking panganib ng pagbaha at pagguho ng lupa bunga ng halos sampung taon nang pagpapalawak dito ng mga sagingan ng Dole-Stanfilco. Mula 1998 ay patulov ang pagpapalawak ng kumpanya hanggang sa mga bayan ng Arakan, Antipas, Magpet at iba pang intervor na bayan ng North Cotabato.

SWS: 52% ng mga Pilipino, nagsasabing mahirap sila

Limampu't dalawang porsyento (52%) o 9.4 milyong pamilyang Pilipino ang nagsasabing mahirap sila, ayon sa sarbey ng Social Weather Stations nitong huling kwarto ng 2008. Itinuturing naman ng 24% na nasa "bingit sila ng kahirapan." Ibig sabihi'y umaabot sa 76% ng mga pamilyang Pilipino ang dumaranas ng iba't ibang antas ng karalitaan. Pinakamataas ang tantos ng kahirapan sa Mindanao at National Capital Region.

Sa parehong sarbey, lumabas na 42% ng mga pamilyang Pilipino o tinatayang 7.7 milyon katao ang nagsasabing sila ay "hirap sa pagkain" (food-poor) at 30% ang nasa bingit nito (food-borderline).

Lumabas din sa sarbey na patuloy na ibinababa ng mahihirap na pamilya ang pamantayan nila ng kahirapan. Sa Metro Manila, halimbawa, ₱10,000 na lamang ang batayan bago ituring ang sariling mahirap, mula sa dating ₱15,000. Sa Mindanao, ₱5,000 na lamang ito, ₱7,000 sa Luzon at ₱6,000 sa Visayas kumpara sa dating ₱10,000.

Ipinapakita nito ang labis na pagtitipid ng mamamayang Pilipino sa harap ng patuloy na lumalalang krisis sa ekonomya.

Isinagawa ang sarbey mula Nobyembre 28 hanggang Disyembre 1, sa pamamagitan ng harapang pakikipanayam sa 1,500 katao sa Metro Manila, Luzon, Visayas at Mindanao.

Sa Davao del Norte, nagsagawa rin ng imbestigasyon ang Tagum City Council sa hindi awtorisadong kumbersyon ng mga palayan sa paligid ng syudad tungo sa produksyon ng saging na Cavendish ng Dole-Philippines dahil maaapektuhan ang suplay ng tubig sa Tagum. Pilit na ipinagpapatuloy ng Dole-Stanfilco ang pagpapalawak nito sa kabila ng pinsalang idudulot nito.

Sino ang nakikinabang? Walang ibang dapat sisihin sa malawakang pinsalang idinudulot ng mabilisang pagpapalawak ng mga sagingan sa Pilipinas kundi ang kasakiman at anti-mamamayang mga patakarang pang-ekonomya ng rehimeng Arroyo. Dahil takam na takam ang bangkaroteng rehimen sa bilyun-bilyong dolyar na kikitain umano ng bansa sa pag-eeksport ng saging, mula pa noong 2004 ay plano nitong dagdagan ng mahigit 70,000 ektarya ang lupaing tinatamnan ng prutas na ito.

Taliwas sa nais palabasin ni Ar-

rovo, hindi ang Pilipinas kundi ang mga agro-korporasyon sa bansa at ang nagmamay-ari o kasosyo nilang imperyalistang kumpanyang agribisnes ang pangunahing nakikinabang sa pagpapalawak ng mga sagingan. Ayon sa pag-aaral ng United Nations Commission on Trade and Development, ang mga bansa na nagpoprodyus at nageeksport ng saging ay nakatatanggap lamang ng \$0.11 sa bawat dolvar ng saging na naibebenta. Ibig sabihin nito'y mumo na lamang ang aktwal na napupunta sa libu-libong magsasaka at manggagawang nagtatrabaho sa mga sagingan sa harap ng limpak-limpak na tubong kinakamal ng mga korporasyong multinasyunal. Daqdaq sa paqkaluqi nq Pilipinas ang ibayong pagkawasak ng kakayahan ng bansang magprodyus ng sapat na pagkain para sa sariling mamamayan at ang tinatamo nitong pinsala sa kalikasan, mga rekurso at kalusugan ng mamamayan. ΑB

Pangangamkam ng lupa sa Aurora

aganap ang pangangamkam ng lupa ng angkang Angara at sapilitang pagpapalikas sa mamamayan sa iba't ibang bayan sa prubinsya ng Aurora kaugnay ng pagpapatupad ng RA 9490 o Aurora Special Economic Zone.

Ayon sa ulat ng balangay ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid sa Casiguran, Aurora, dahil sa taglay na kapangyarihan ng mga Angara sa prubinsya, napakadali para sa kanila na qawing ba-

tas ang kanilang pangangamkam ng lupain sa udyok ng kanilang kasosyong malalaking dayuhang kapitalista at sa basbas ng kanilang kakutsabang rehimeng Arroyo.

Pinakaprominenteng myembro ng angkan si Sen. Edgardo Angara, isa sa masusugid na alyado ni Gloria Arroyo. Gobernador ng Aurora ang kapatid ng senador na si Bellaflor Angara-Castillo. Meyor ng Baler, ka-

bisera ng prubinsya si Arturo Angara, isa pa nilang kapatid. At kongresman ng prubinsya si Juan Edgardo Angara, anak ni Edgardo Angara.

Ayon sa mga may-akda ng RA 9490, ito raw ang pagsasakatuparan sa Aurora ng Medium-Term Philippine Development Plan ng rehimeng Arroyo. Gamit ang mapanlinlang na karatulang "proyektong pangkaunlaran", nagkandarapa ang mga Angara na ipatupad ito mula nang maging batas ito noong Enero 2007 kahit walang abiso sa mamamayan ng Aurora.

Sunud-sunod ang mga pagbabanta at mismong pagpapalayas ng mamamayan sa mga lupaing tinitirikan ng kanilang mga bahay at sakahan para maipatupad ang bagong batas. Nangyari ito nang ihanda ang pagtatayuan ng pantalan sa Dingalan, ng Coconut Dwarf Plantation sa Dinalungan, at ng

> Aurora Special Economic Zone (ASEZA) sa mga barangay ng Bianoan, Estevez at Dibet sa Casiguran.

> > Bilang pakonswelo sa mga mapapalikas, naghanda umano ng pro-

> > > yektong pabahay ang gubyerno ng prubinsya subalit ang nangyari'y itinapon lang ang mga tao sa mga itinakdang relocation area na walang katiyakan

limbawa, ang mga mapapalayas sa Casiguran dulot ng pagtatayo ng ASEZA ay planong dalhin sa kasuluk-sulukang lugar ng kagubatan, sa Tri-X, sa Barangay Bianoan. At para mapahupa ang galit ng mga tao, pinangakuan sila ng mga trabahong hatid ng proyektong ito kapalit ang sustenableng kabuhayan ng mga tao sa lupang kanilang binubungkal.

Sa mga taong di sasang-ayon o di susunod sa kanilang kagustuhan sa kabila ng kanilang pambobola, naririyan ang masusugid na pasistang alagad nina Angara na pangunahing makinarya nila sa mabilisang pagpapalikas, ang mga elemento ng 48th IB ng AFP at ang mga pwersa ng PNP sa prubinsya.

Patuloy na nilalabanan ng mamamayan ng Aurora ang anti-mamamayang ASEZA dahil batid nila na kapinsalaan at lalong kahirapan lamang ang matatamasa nila rito at ang tanging makikinabang dito ay ang dinastiya ng mga Angara, ang mga kasosyo nilang malalaking dayuhang kapitalista at ang pangkating Arroyo.

Protesta laban sa ASEZA

sa kabuhayan. Ha-

Mahigit 1,500 magsasaka, mangingisda at Dumagat ang naglunsad ng protest caravan sa Casiguran, Aurora nitong Enero 19 para tutulan ang pagtatayo ng Aurora Special Economic Zone (ASEZA) sa kanilang bayan. Apektado rito ang mga barangay ng Esteves, Dibet, Dibacong, Bianoan at Calabgan. Mahigit 6,400 katao ang mapapalayas dahil sa proyekto.

Sakay ng mga kuliglig (hand tractor) at traysikel, ang mga nagpoprotesta ay nagtipon sa munisipyo ng Casiguran at nanawagan sa mga lokal na upisyal na itigil ang pagtatayo ng ASEZA.

Anila, ang lugar na pagtatayuan ng ASEZA ay pawang mga pribadong palayan. Ito ay tinataguriang palabigasan ng mga bayan ng Dinalungan, Casiguran at Dilasag at pawang may irigasyon ang mga palayan dito.

Binatikos din ng mga nagpoprotesta ang kawalan ng konsultasyon sa mamamayan at lokal na pamahalaan hinggil sa proyekto.

Iligal na pag-aresto, pagdukot, panggigipit at blokeyo sa pagkain

Pinakahuling mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao na nakalap ng Ang Bayan ang iligal na pag-aresto sa isang Pulang kumander na may malalang karamdaman, pagdukot sa isang pinaghihinalaang Pulang mandirigma na nagpapagamot sa ospital, pagharas ng mga elemento ng Presidential Security Group sa tatlong taong-simbahan at nagpapatuloy na pagpapataw ng blokeyo sa pagkain laban sa MILF at mga sibilyan sa isang bayan sa North Cotabato. Laganap din ang pang-aabusong militar sa kanayunan ng Samar.

Enero 19. Iligal na inaresto ng mga elemento ng AFP Eastern Mindanao Command si Regenaldo Alicaba Sr. at ang kanyang anak na si Rizalyn Manguilimutan. Si Alicaba ay kasalukuyang nakaliban sa kanyang yunit dahil sa mga kadahi-

lanang medikal nang arestuhin siya nang walang mandamyento sa bahay ng kanyang anak na si Rizalyn sa Purok 3, Barangay Cogon, Panabo City. Si Rizalyn naman ay inakusahang myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) kahit isa siyang sibilyan. Iginiit ng Armando Dumandan

Command ng BHB na palayain si Rizalyn, ilitaw si Alicaba at igalang ang kanyang mga karapatan bilang bihag-digma.

Enero 8. Pwersahang kinuha ng nakasuot-sibilyang mga ahenteng militar at mga elemento ng Manila Police District (MPD) ang isang babaeng pasyente ng Our Lady of Lourdes Hospital sa Sta. Mesa, Maynila. Anila, si Myrna Bautista, 22, ay isa umanong mandirigma ng BHB na nasugatan sa engkwentro sa pagitan ng BHB at PNP sa Rodriquez, Rizal. Subalit ayon sa pinsan ni Bautista, ang biktima ay tinamaan ng ligaw na bala sa tiyan

nang magkagulo ang isang grupo ng mga lasing na lalaki sa kanilang bayan ng Silang, Cavite. Una nang inaresto noong Enero 3 ang pasyente at mahigpit na binantayan ng mga pulis habang nagpapagamot ito.

Pinaluhod at pinosasan ng militar ang dalawang gwar-

dya ng ospital na hindi pumayag na kunin na lamang ang pasyente nang hindi man lamang napipirmahan ang kanyang release paper. Isinakay si Bautista sa naghihintay na sasakyan na bahagi ng

komboy na may walong behikulo, dala pati ang dalawang gwardya.

Enero 6. Sinita at sapilitang ipinahubad ng mga elemento ng Presidential Security Group (PSG) ang suot na mga *T-shirt* ng tatlong taong-simbahan mula sa parokya ng San Jose sa Midsalip, Zamboanga del Sur bago ang nakatakdang pagdalaw dito ni Gloria Arroyo. Ayon kay Fr. Raymundo Ugwu, kura paroko ng San Jose, inutusan ng mga operatiba ng PSG ang tatlong taong simbahan na hubarin ang kanilang suot na mga *T-shirt* na may mga islogang "Stop Mining and Corruption" (Ihinto ang pagmimina at korapsyon).

Kinansela ni Arroyo ang pag-

punta niya sa San Jose sa di malamang kadahilanan. Balak sana noon nina Fr. Ugwu na iparating sa kanya ang pangamba ng mamamayan na ang nagsulputang mga kumpanya ng minahan ay makasisira sa kalikasan ng Midsalip.

Matinding binatikos ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) ang nangyaring pangaabuso ng mga badigard ni Arroyo.

Disyembre 28 hanggang sa kasalukuyan. Nagpataw ng blokeyo sa pagkain at iba pang batayang pangangailangan ang mga elemento ng 68th IB sa bayan ng Alamada, North Cotabato matapos ang labanan doon sa pagitan ng mga gerilya ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) at Philippine Army noong gabi ng Disyembre 24 na ikinamatay at ikinasugat ng maraming sundalo. Kabilang sa mga qinuqutom nq 68th IB anq di bababa sa 400 pamilya na lumikas sa katindihan ng labanan at kasalukuyang nasa mga evacuation center. Hindi rin pinapayagan ng mga sundalo na umuwi ang mga residente ng Barangay Palepain sa Alamada dahil dito umano nagkakampo ang mga gerilya ng MILF na nasangkot sa labanan.

Disyembre 17-20. Hindi bababa sa sampung pamilya ang napilitang lumikas mula sa Barangay San Nicolas, San Jose de Buan, Samar dahil sa operasyong militar na inilunsad ng 48 sundalo ng 14th IB. Tinakot ng mga tropa ang kapitan ng barangay na si Virginia Labong, na napilitang lumikas patungong Catbalogan. May isa ring magsasaka na hindi na nakauwi dahil pinaghahanap siya ng militar at tina-



takot ang kanyang pamilya.

Sa Sityo Fernandez, Barangay Cataydungan ng nasabing bayan, isang kalabaw ang tinamaan nang walang patumanggang mamaril ang mga nag-ooperasyong sundalo noong Disyembre 20.

Disyembre 3. Dinakip at tinortyur ng mga sundalo ng 14th IB ang dating kapitan ng barangay na si Berting Jabolan, 47, residente ng Barangay Hidurama, San Jose de Buan. Nag-aani siya ng mais kasama ang kanyang pamilya

nang biglang sumulpot and mga sundalo. Dinakip siya at pinaratangang may ugnay sa BHB. Tinakpan ng plastik ang ilong ng biktima at pinagsusuntok ang tiyan habang pwersahang pinaiinom ng tubiq. Kinabukasan, nakatakas si Jabolan. dahil Ngunit sa nangyari sa kanya, umalis na siya sa kanilang bahay

Nobyembre 29. Inistraping ng mga nag-ooperasyong sundalo ang bahay ni Roni Impon sa Barangay Carolina, Matuquinao, Samar habang nasa loob ang 11 katao na karamiha'y mga bata. Dalawang beses itong pinasabugan ng grenade launcher at nadaplisan ang anak ni Impon na si Roque. Sinira rin ng mga sundalo ang kanilang mga tanim at ninakaw ang lahat

at hindi pa natatagpuan hanggang

sa ngayon ng kanyang pamilya.

Nobyembre 19. Pinatay ng mga sundalo ang mga magsasakang sina Orlando at Intoy Bartolo sa Barangay Libertad, Matuquinao. Nakapanlaban pa si Intoy at nagawang sugatan ang isang sundalo. Nalaslas ang kamay ng pangalawang sundalo at wasak ang ngipin ng pangatlong sundalo. Di-

nakip din ng mga sundalo at pinilit na maggiya sa kanilang operasyon ang mga magsasakang sina Botoy Opiniano at Takoy Cailo.

Nobyembre 15-16. Pilit na "pinasuko" ng RSOT ang ilang mga residente at upisyal ng Barangay Haqbay, San Jose de Buan na pinararatangang mga kasapi ng BHB. Ang mga pinalalabas na "surenderi" ay sina Joel Labong, 35, kapitan ng barangay; Jason Gabin, 23, konsehal ng barangay; Leonila Labong, 47, konsehal; Jonito Labong, 25, konsehal; at Janyboy Llantos, 23. Isinailalim ang mga biktima sa taktikal na interoga-

> syong tumagal nang 45 minuto hanggang tatlong oras. Pinipilit din silang sumapi sa Barangay Intelligence Network (BIN) ng mga sundalo na pi-

namumunuan ni 2Lt. Jayhardes Bagonera ng Bravo Coy ng 62nd IB.

Setyembre 21. Dinakip ng mga sundalo sa Sityo Galutan, Barangay Can-aponte, San Jose de Buan sina Conrado Fabella, 40, at asawa niyang si Nenita, 28, habang nag-aani ang mga ito ng palay. Kasama ring dinakip ang kanilang anak na si Lea, 15, at ang tumutulong na binata na si Armendo Pacheco, 28. Sinaktan ng militar ang mga lalaki. Pinipilit nila si Conrado na amining may itinatago itong baril. Pinaghubad ng T-shirt at binantaang sasaksakin Pacheco. Inutusan nilang tumakbo ang mga biktima. Sa takot na sila'y pagbabarilin ng mga sundalo, hinimatay si Nenita.

Ang pamilya ni Fabella ay biktima rin ng pambobomba ng militar sa kanilang lugar noong Setvembre 16-18. Umabot ₱2,300.00 ang mga napinsalang pananim dahil sa pambobomba. Al

Kumpanya ni Mike Arroyo, binawalang lumahok sa mga provekto ng WB

ISANG kumpanya sa konstruksyon na pinaniniwalaang pag-aari ni Mike Arroyo ang permanente nang ipinwera ng World Bank (WB) sa paglahok sa anumang provekto nito dahil sa pagkakasangkot sa korapsyon. Kasama nitong ipinwera rin ng WB nang ilang taon ang dalawa pang kumpanyang Pilipino matapos matuklasan ng WB na sangkot sa sabwatan ang mga kumpanyang ito at apat na kumpanyang Tsino sa bidding para sa mga provektong konstruksvon ng World Bank.

Nabunyag sa imbestigasyon ng Integrity Vice Presidency (INT), isang yunit ng WB na nagbabantay sa mga pandaraya at korapsyon sa mga proyekto nito, na ang E.C. de Luna Construction Corp. at ang tumatayong may-ari nitong si Eduardo C. de Luna ay kabilang sa isang malaking kartel ng mga lokal at dayuhang kumpanya na nagsumite ng bidding para sa Philippines National Roads Improvement and Management Program o NRIMP 1. Dahil sa natuklasang sabwatan ay kinansela ng WB ang \$33-milyong provektong pangkalsadang ito.

Si Eduardo C. de Luna ay kilalang kroni ni Mike Arroyo at pinaniniwalaang tumatayong prente nito sa E.C. de Luna Construction Corporation.

Hindi tinanggap ng Malacañang ang husga ng World Bank at hinamon pa nito ang bangko na magpakita ng ebidensya na sangkot ang naturang mga kumpanya sa korapsyon. Tumanggi itong ipwera rin ang mga kumpanya sa mga provekto ng gubyerno at kasuhan ang mga ito.

ng kagamitan sa bahay.



Dumarami ang tutol sa 2009 RP-US Balikatan sa Bicol

PAGSARBEY sa karagatan at kalupaan ng bansa at paniniktik laban sa rebolusyonaryong kilusan ang tunay na pakay ng US-RP Balikatan Exercises, ani Ka Greg Bañares, tagapagsalita ng National Democratic Front ng Bikol. Mariin niyang pinabulaanan ang sinasabi ng rehimeng Arroyo at ng militar ng US na mga "humanitarian mission" ang tututukan ng mga sundalong lalahok sa Balakitan, na nakatakdang idaos sa Abril sa mga prubinsya ng Albay, Sorsogon at Masbate.

Ani Bañares, ang Balikatan ay isang anyo ng interbensyong militar ng US sa Pilipinas at pinaiigting nito ang gera sibil sa bansa. Kaugnay nito, inutusan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang lahat ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na maglunsad ng maraming taktikal na opensiba sa mga eryang saklaw ng ehersisyo militar.

Iniulat ni Reynaldo Habaqbaq, tagapagsalita ng Sorsogon United Movement against Balikatan para sa Kapayapaan (Sumaba Ka) na nagsidatingan na ang unang grupo ng US Army sa Sorsogon noong Enero 7. Isang grupo rito ang naginspeksyon sa lugar na pagdarausan ng *military exercises* partikular ang mga bayan ng Juban at Irosin. Samantala, dumarami ang personaheng tumututol sa pagdaraos ng Balikatan. Ang pinakahuling bumatikos dito ay si Bishop Lucio Quiambao ng Diocese ng Legaspi City na nanawagan nitong Enero 17 sa mga gubernador ng anim na prubinsya na huwag pahintulutang mangyari ang sabayang ehersisyo militar sa rehiyon dahil wala namang magandang idudulot ito kundi ang paglaganap ng prostitusyon at pang-aabuso sa mga Pilipina. Sinang-ayunan ito ni Sister Ailyn Binco ng Religious of the Good

Shepherd (RGS) na nagsabing ayaw nilang maulit ang nangyaring pang-aabuso ng mga sundalong Amerikano tulad ng nangyari kay "Nicole" sa Olongapo City.

Bago ito, nanawagan si Rep. Luz Ilagan ng Gabriela Women's Party na kanselahin ang taunang Balikatan dahil walang ibang naidulot ito kundi mga paglabag sa karapatang-tao. Tinukoy ng progresibong mambabatas ang mga partikular na kaso ng pang-aabuso ng mga sundalong Amerikano sa Min-

danao. Nasugatan si Arsid Baharun dahil sa "test mission" na isinagawa ng mga sundalong US sa Zamboanga City noong 2004 samantala si Bizma Juhan ay nasabugan ng bomba sa Indanan, Sulu noong 2006. Walang nanagot sa kanila dahil hindi nakapailalim sa batas ng Pilipinas ang mga tropa ng US.

Nagpahayag din ng duda sa layunin ng Balikatan si Sen. Francis Escudero Jr., tagapangulo ng Senate Committee on Justice and Human Rights.

Pakanang patalsikin si Chief Justice Puno, nabisto

SUMINGAW kamakailan ang mga maniobra ng Malacañang para patalsikin si Chief Justice Reynato Puno sa Korte Suprema. Ginagawang sangkalan sa hakbang na ito ang umano'y di pag-aksyon ni Puno sa pagdiskwalipika kay Negros Occidental Rep. Jocelyn Limkaichong, na napatunayan umanong Tsino at hindi Pilipino. Natalo ni Limkaichong si Olivia Paras, asawa ni Jacinto Paras, masugid na kapartido ni Arroyo sa Kabalikat ng Mamamayang Pilipino (Kampi), noong eleksyong 2007.

Ang pagpapatalsik sa punong mahistrado ay sisimulan umano sa pamamagitan ng pagbibigay ng *privilege speech* ng mga alipures ni Arroyo sa Kongreso nitong Enero 19 at pananawagan para i-*impeach* siya. Subalit maaga pa lamang ay naulinigan na ng Korte Suprema ang pakana. Naunsyami ito nang maagap itong mabunyag sa publiko.

Ang maniobra ng Malacañang laban kay Puno ay kaugnay ng pagsisikap ni Arroyo na alisin ang lahat ng balakid sa pagtutulak niya ng constituent assembly (con-ass) bilang paraan ng pagbabago sa konstitusyon. Itinutulak ng pangkating Arroyo ang con-ass para maamyendahan ang konstitusyon sa kabila ng pagtutol ng Senado. Tinatayang tututulan ni Puno ang gayong plano oras na iharap ang usapin ng conass sa Korte Suprema.

Nakatakdang magtalaga si Arroyo ng pitong bagong mahistrado sa Korte Suprema para palitan ang mga nakatakdang magretiro ngayong taon. Pagkaraan ng 2009, tanging si Puno na lamang ang matitirang mahistrado na hindi siya ang naghirang. Hindi makuha-kuha nina Arroyo si Puno. Matatag siyang naninindigan laban sa maraming pakana at pagbabaluktot ng Malacañang sa batas, at maging sa maraming paglabag ng rehimeng Arroyo sa karapatang-tao at hustisya. Sakaling mapatalsik si Puno bago ang nakatakda niyang pagreretiro sa Mayo 2010, wala nang makapipigil sa mas maagang pagtatalaga ni Arroyo ng sarili niyang tauhan bilang punong mahistrado. Lubusan na ang magiging kontrol niya sa Korte Suprema at magiging madali na ang pagtutulak ng cha-cha.



Taon XL Blg. 2 Enero 21, 2009 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Kundenahin ang agresyong US-Israeli sa Palestine

ariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas at sambayanang Pilipino ang kriminal na agresyon ng Israel sa Gaza at ang todong pagsuporta rito ng US. Mahigit isang libong Palestino na ang napapatay, libu-libo pa ang nasusugatan at daan libo ang nasasalanta mula nang simulan ng Israel ang walang pakundangang pambobomba at pagsalakay sa Gaza.

Pinakahuli lamang ito sa mahabang listahan ng mga krimen ng Israel at US sa Palestine.

Mahigit kalahating siglo nang duguan ang kamay ng mga ekspansyunistang Zionista at amo nilang imperyalismong US sa kampanyang henosidyo at pagmamalupit laban sa mamamayang Palestino. Paulit-ulit ang mga pananalakay at tuluy-tuloy ang pagsakop at panggigipit nila sa Palestine, ang pagkakait sa mamamayang Palestino ng kanilang kasarinlan at pinakabatayang mga karapatan, at ang pagtrato sa kanila na mga bilanggo sa sarili nilang bayan.

Bawat mapanupil na hakbang ng Israel sa Palestine ay may suportang pulitikal, militar at pinansyal ng imperyalismong US. Sa kabila ng pandaigdigang kundenasyon, ipinagtatanggol ng US ang agresyon at panunupil ng Israel. Hinahadlangan nito ang United Nations at iba pang pandaig-

digang institusyon na kundenahin ang kriminal na pang-aatake at panggigipit ng Israel sa Palestine.

Animo'y walang pagkasaid ang ayudang militar na ibinibigay ng US sa Israel. Mga armas na sinusuplay ng US ang ginagamit ng Israel sa kahindik-hindik na kampanyang henosidyo sa Gaza. Kapalit ito ng pagsisilbi ng Israel bilang katuwang sa pagpapataw ng do-



Mga tampok sa isyung ito...

Magiting na lumalaban ang mga Palestino

PAHINA 4

Ika-50 anibersaryo ng rebolusyon sa Cuba PAHINA 4 Mga katutubong sandata sa digmang bayan PAHINA 6

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*